


**IMPORMASYON MULA
SA NAGANO PREFECTURE**

International Relations Division
Citizens and Cultural Affairs
Nagano Prefecture
T E L : 026-235-7173
Email : tabunka@pref.nagano.lg.jp

Pabatid**Survey para sa Pang-gabing Klase ng Junior High School, sinimulan na**

Ang Nagano Prefecture ay magbubukas ng junior high school sa 2026. (Pang-gabing klase para sa mga nasa hustong gulang na di nakapag-aral sa junior high school). Nagsasagawa na ngayon ng survey upang malaman kung ano ang mga pangangailangan para rito. Hinihiling ang inyong kooperasyon.

Ano ang Pang-gabing Klase ng Junior High School ?

Ito ay isang junior high school kung saan maaaring mag-aral ang:
isa na hindi nakapunta sa paaralan sa ilang dahilan; isang residenteng banyaga na hindi nakapag-aral sa isang paaralang katumbas ng junior high school sa Japan; nakapagtapos naman sa junior high school ngunit di gaanong nakapag-aral sa paaralan.

**Karakteristiko ng Pang-gabing Klase ng Junior High School**

- makakapag-aral sa gabi pagkatapos ng trabaho sa araw
- pareho sa karaniwang junior high school ang pag-aaralan
- makakatanggap ng diploma bilang nakapagtapos
- ang textbook at tuition fee ay walang bayad

**Iskedyul ng Survey**

Mula Hulyo 26, 2023 (Miyerkules) ~ Septyembre 25, 2023 (Lunes)

Makikita sa homepage ng Nagano Prefecture ang paraan ng pagsagot sa survey ⇒



○Homepage ng Nagano Prefecture

<https://www.pref.nagano.lg.jp/kyoiku/gimukyo/nightjuniorhighschool.html>

Konsultasyon**Magkokondukta ng Walang Bayad na Konsultasyon**

Ang Nagano Prefecture Multicultural Consultation Center ay magsasagawa ng libreng konsultasyon para sa mga banyagang residente. Puwedeng kumunsulta sa Judicial Scrivener (Shihō Shoshi) at Aministrative Scrivener (Gyōsei Shoshi).

Munisipalidad	Araw	Oras	Lugar
Ueda	Sept.8 Biyernes	10:00~15:00	Ueda City Hall
Komoro	Sept.13 Miyerkules	10:00~15:00	Komoro Shimin Kōryū Center
Nakano	Sept.29 Biyernes	10:00~15:00	Nakano Jinken Center
Ina	Oct.16 Lunes	10:00~15:00	Ina City Hall
Saku	Nov.22 Miyerkules	10:00~15:00	Saku City Hall

Walang bayad



※Puwedeng magbago ang araw o lugar. Pakisuyong tingnan ang homepage ng Multicultural Consultation Center.

Nagano Prefecture, No.1 sa Bansa Pinakamalusog at Pinakamahaba ang Buhay

Ang isang taong malusog at mahaba ang buhay ay kayang mabuhay nang mag-isa. Ang Nagano Prefecture ang no.1 sa ranking ng may pinakamalusog at pinakamahaba ang buhay kapuwa ng babae at lalaki.

Mga pangunahing dahilan

- ① Marami ang may-edad na nagtatrabaho
- ② Kumakain ng maraming gulay
- ③ Nagsisikap ang mga health volunteers
- ④ Aktibo ang mga doktor sa pamayanan



Lalaki (Edad)		Babae (Edad)	
1	Nagano 81.4	1	Nagano 85.1
2	Shiga 81.2	2	Shimane 85.0
3	Nara 81.0	2	Hiroshima 85.0
National Average 80.0		National Average 84.3	

※ Ayon sa anunsiyo ng ALL-JAPAN FEDERATION OF NATIONAL HEALTH INSURANCE ORGANIZATION

Lecture sa Simpleng Nihongo tungkol sa Pag-iwas sa Sakuna

Magsasagawa sa Nagano ng lecture sa simpleng Nihongo tungkol sa pag-iwas sa sakuna.

Ito ay sa simpleng Nihongo para sa mga Hapones at mga dayuhan upang kapuwa matuto tungkol sa pag-iwas sa sakuna. May workshop at aktuwal na masusubukan ang pananatili sa isang evacuation center. Walang bayad ang paglahok.

Araw at Oras	Tema	Kalahok
Septyembre 30 (Sabado) 15 : 00~17 : 00	Lecture para sa Simpleng Nihongo tungkol sa Pag-iwas sa Sakuna	Hapones
Oktubre 9 (Lunes) 13 : 30~15 : 30	Japanese Class para sa Pag-iwas sa Sakuna	Hapones · Dayuhan
Oktubre 29 (Linggo) 13 : 00~16 : 00	Aktuwal na Masusubukan ang Kalagayan sa isang Evacuation Center	Dayuhan
Diyembre 9 (Sabado) 13 : 30~15 : 30	Workshop kung Paano Gumawa ng Flier ng Anunsiyo tungkol sa Sakuna	Hapones · Dayuhan

Paraan ng Pagpapatala

Puwedeng mapatalâ kahit lalahok ng 1 beses lang.

- ① I-scan ang QR code gamit ang smartphone camera.
- ② <https://forms.office.com/r/3J2Cpe476B>



Ano ang Simpleng Nihongo ?

Ito ay wikang Nihongo na pinasimple ang salita upang madaling maipaunawa ang impormasyon sa isang hindi bihasa sa Nihongo. Halimbawa) *Hinanjo* ⇒ lugar na ligtas kung saan dapat lumikas



Ano ang Bōsai o Pag-iwas sa Sakuna ?

Ito ay paghahanda sakaling dumating ang likas na sakuna tulad ng matinding ulan at lindol.

Ang [Nagano Prefecture Multicultural Consultation Center] ay tumutugon sa mga konsultasyon tungkol sa pang-araw araw na pamumuhay sa 15 wika. (Walang bayad)

☎ 026-219-3068 / 080-4454-1899 ホームページ : <https://www.naganoken-tabunka-center.jp/>

